


# NANG WALANG SALAPI

## O WALANG BAYAD

 Tunay na isang pribilehiyo ang makabalik sa tabernakulo, ngayong umaga. Inaalala ko lang po... nabanggit ni Kapatid na Neville na marami raw ang di nakakarinig maigi sa likod. Naririnig n'yo na ba akong maigi, diyan sa likod? Malinaw na po ba? Sige. Ako po'y—ako po'y maliit na tao, kaya kailangan kong lumikha ng mas malakas na ingay para malaman ng mga tao na narito ako.

<sup>2</sup> Haya't, naalala ko po nung isang beses nung nagtratabaho pa ako noon sa Public Utilities. Papaakyat ako ng hagdan. . . At noon nga'y nagsusuot ako ng malalaki't malalapad na sapatos, na may ngipin-ngipin sa ilalim, para sa pag-akyat sa matataas na kawad. At ako nga'y papaakyat noon ng hagdan. At si Gng. Ehalt, na kaibigan ko, siya 'yung tumatao sa may switchboard. Sigurado akong nakikilala siya ni G. Ginther, maigi. Kaya heto na't sabi ni Edith, "Billy, ikaw ang pinaka malakas ang ingay, kahit sa liit mong 'yan, na nakita ko kahit kailan." Mabibigat kasi ang padyak ko sa malalaking sapatos na de ngipin na 'yun, sa pag-akyat ko ng hagdan.

<sup>3</sup> Sabi ko, "Buweno, Edith, sa liit kong ito, kinakailangan ko namang ipaalam sa lahat ng nakapaligid na narito ako, kaya malakas ang ingay ko."

<sup>4</sup> Buweno, kararating ko lang mula sa tawag. Nabanggit sa akin ni Kapatid na Neville na ang ating butihing kapatid, na si Kapatid na Roy Roberson, ay lumiban sa gawain ngayong umaga, dahil may sakit. Yung kanyang. . . May tumusok siyang ngipin. Nagdulot 'yun ng impeksyon, at nagkaroon tuloy siya ng lagnat. At kinakailangan niya 'yung maipabunot, sa palagay ko, agad-agad. At si Roy nga'y parang tatay na rin sa atin, at mahal na mahal natin siya. At sabi ko, "Kapatid na Roy, ako—ako'y magpupunta na, nang ilang minuto, sa gawain." Sabi ko, "Sasabihin ko sa iglesya na ipanalangin ka naming lahat, sa umagang ito," at bukas na kasi siya pupunta, para ipabunot 'yun. Yung ngipin ay palihis 'yung tubo, o parang ganun, mali 'yung pagkakatubo, at kinakailangan nilang biyakin 'yun, at tuluyang alisin 'yun.

<sup>5</sup> Si Kapatid na Roy ay isang beterano, gaya ng pagkakaalam n'yo, beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kung saan nabaril siya dun noon nang ilang beses. At kung hindi dahil sa kabutihan ng Diyos, hindi sana siya mabubuhay. Iniratay na sana siya roon kasama ng mga patay, nang matagal-tagal na;

'yung mga braso niya'y tadtad ng tama rito, at 'yung mga binti niya'y puro tama rin, at 'yung pareho niyang dalawang pinaka ugat ay patay na. At ang sabi pa nga noon ng doktor, "Kung mabubuhay siya, hindi na siya makakalakad ni isang hakbang kailanman." Sa biyaya ng Diyos, nakakapag trabaho pa rin siya araw-araw, nakaka akyat pa nga't lahat na. Ang Diyos nga'y ganoon na lamang kabuti sa kanya dahil siya'y isang mabuting tao, at minamahal natin siya. At tayo, tayo nga'y—lahat nga tayo'y di. . .

<sup>6</sup> Mabuhay man tayo nang tama, hindi ibig sabihin nun na di na tayo makakaranas ng mga problema. Sa totoo lang po, ang lahat pa nga ng mga problema'y nakadirekta papunta sa atin. "Sapagkat marami ang kadalambahatian ng matuwid, ngunit inililigtas siya ng Panginoon mula sa lahat." Yun ang bahaging maluwalhati dun.

<sup>7</sup> Kaya tayo'y hihiling po ng isang espesyal na pananalangin sa umagang ito, para kay Kapatid na Roy. Iniisip ko nga kung mayroon po ba rito, rin, na nagnanais ding maipanalangin, nais maalala sa isang pagdulog na panalangin? Kung maaari lang po na itaas n'yo ang inyong mga kamay. Sige. Mainam 'yan. Tayo po'y tumayo siguro pansumandali, kung mamarapatin n'yo, habang tayo'y mananalangin.

<sup>8</sup> Panginoon, dumudulog po kami ngayon, sa pasimulang ito ng sabbath. At kasisimula pa lamang ng araw sa paglalakbay nito ngayon, upang pumailanlang sa buong sanlibutan, upang magbigay ng liwanag at buhay sa mga bagay na itinalaga para bigyan nito. At sa pasimulang ito ng gawain na. . . Kami nga'y kabahagi ng Iyong Iglesya, na tinawag para magdaos ng mga gawaing pagpapagaling, pisikal na pagpapagaling ng katawan; upang maisakatuparan ang mga nais at ang mga mithi ng banal naming Panginoon Na nasugatan dahil sa aming pagsuway, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling kami. At kami nga'y humihiling, sa pagsisimulang ito ng gawain, habang unti-unti na nitong iniuunat ang kanyang mga pakpak, sa mga awitan, at ang aming mga puso'y nagsisimulang pumailanlang, na amin ngang maalaala, sa umagang ito ngayon, Panginoon, ang aming minamahal, tinatanging kapatid, na Roy Roberson, na Iyong mapagpakumbabang lingkod. At batid namin na Iyong pong iniligtas ang kanyang buhay sa dako ng digmaan, at Ikaw nga'y naging mabuti sa kanya. At ngayon siya'y nagdurusa dahil sa karamdaman, na tuloy di siya makadalo sa simbahan.

<sup>9</sup> At, Panginoon, habang sila nga dun noon ay nananalangin sa bahay ni Juan Marcos, may Anghel na bumaba sa loob ng bilangguan, kung saan nakapiit si Pedro, na nagbukas ng mga pinto roon, sa mahiwagang paraan, at pinangunahan siya na makalabas.

<sup>10</sup> Oh Panginoon, Diyos Ka pa rin mapasa hanggang ngayon. Ang mga Anghel na 'yun ay nakahandang atasan Mo sa umaga

pong ito. Dalangin namin, Panginoon, na habang kami rito'y nananalangin sa bahay ng Diyos, na ang mga Anghel na 'yun ay bumaba sa bahay ni Kapatid na Roy Roberson. Ang pagnanais nga niya'y makadako sa kanyang lugar dito, subalit pinipigilan naman siya ng karamdaman. At nawa ang mga Anghel ng Diyos ay palayain siya, pagalingin siya, nang sa gayon siya'y makadako uli sa kanyang lugar dito sa bahay ng Diyos.

<sup>11</sup> May mga ilan din po na dumanas ng paghihirap bago pa man sila makarating dito, sila—sila po'y may sakit. At nakita nga namin ang isang matandang babae, habang papaupo siya, itinaas niya ang kanyang mga kamay, habang humahakbang siya nang nangangatog ang kanyang mga paa. Siya'y pumarito sa bahay ng Diyos, upang mapagaling. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, na siya po'y sa paglabas niya'y makalakad, na may liksi at sigla ng isang kabataang babae.

<sup>12</sup> Ang lahat ng iba pa na nagsipagtaas ng kani-kanilang mga kamay, marami sa kanila ang nagsipagtaas, dahil nasusulat 'yun, at nabanggit na kanina, "Marami ang kadalambahatian ng matuwid, ngunit inililigtas siya ng Panginoon mula sa lahat ng ito." Nawa kami'y makapailanlang sa umagang ito patungo sa pananampalataya, sa mga bisig ng pananampalataya, na sa amin ay magpapalaya mula sa lahat ng sakit at dalamhati. Sa pagtatapos nga po ng gawain, nawa'y wala ni isa sa amin ang nanghihina pa sa kalagitnaan namin.

<sup>13</sup> Iyo pong ipagkaloob, Panginoon, na nawa ang bawat di sumasampalataya ay maging mananampalataya. At habang pinagbubulayan namin ang Iyong Salita, nawa'y kunin Ito ng Espiritu Santo at ilagak Ito sa aming mga puso, at doon nga'y diligan Ito hanggang Ito'y maipagbunga sa Salita. Iyo pong gawin ito para sa amin, Panginoon, habang aming iniyuyuko ang aming mga ulo nang may kababaang-loob at hinihingi ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

<sup>14</sup> Bago tayo magsimula sa mensahe ng gawaing ito sa umaga pong ito, nais ko pong ipaalala uli sa inyo, nang maigi. Kung mayroon po sa inyo na nakabakasyon ng panahon na 'yan, at nais dumalo sa isa sa mga gawain na gaganapin sa Middletown, Ohio, simula Lunes, buong sanlinggo, doon po sa kampingan.

<sup>15</sup> Alam mo ba 'yung pangalan nung kampingan, Gene? [Sinasabi ni Kapatid na Gene, "Labindalawang milya raw 'yun sa labas ng Middletown."—Pat.] Kapatid na Sullivan. Maliit na bayan ang Middletown, sa palagay ko parang Jeffersonville din. May basketbolan. Si Kapatid na Sullivan ang pastor sa dakong 'yun. Alinman sa mga Full Gospel na simbahan, na nasa animnapu rin ang bilang nila na nakikiisa sa pagtitipong ito, masasabi nga nila sa inyo kung saan 'yung kampingan.

16 At maraming mga maliliit na matutuluyan dun sa mismong kampingan, nabanggit nga sa akin, para asikasuhin 'yung mga tao na gustong pumunta. At ang mga gawain ay magsisimula ng Lunes hanggang Sabado, anim na araw. At wala pong Linggo, para 'yung mga ibang simbahan, sila'y makapagdaos ng kani-kanilang regular na gawain. Marahil, magkakaroon ng mga gawaing pagpapagaling, o pananalangin sa mga maysakit, gabigabi. At ang lahat ay imbitado. At magsisimula ito ng ika-10 ng Agosto, hanggang sa ika-15, Lunes hanggang Sabado. At kung kayo po'y nakabakasyon, at—at pinag-iisipan n'yo ang gagawin n'yo sa bakasyon, at gusto n'yong ilaan sa ganitong paraan, buweno, kami nga'y nagagalak na makasama namin kayo dun.

17 Hinihimok ko rin po ang lahat na di pa nababautismuhan sa Cristianong pagbabautismo, na manatili sa umagang ito at pagnilay-nilayan 'yun. At maging handa lamang po sa gawain ng pagbabautismo na kasunod na nito nang mga apatnapu't limang minuto na lang, sa tingin ko. Gaganapin 'yun dito sa simbahan.

18 Lagi naming hinihimok ang mga tao na mabautismuhan sa Cristianong pagbabautismo, yamang nababatid namin na ito'y mahalaga sa kaligtasan. Dahil isinulat ito ng ating Panginoon, na huling atas Niya, huling atas Niya sa Iglesya. O, gaya nga ng inatas Niya sa Iglesya, nang huli, sabi Niya, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng sangnilikha. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas." Kaya hayan ngang nalalaman natin na mahalaga na tayo'y mabautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog.

19 At ikinagalak naming ganapin ang paglilingkod na ito sa inyo, sa bawat sinuman na kumbinsido sa puso nila na si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos, na Siya'y namatay para iligtas ang mga makasalanan, at isa kayo sa Kanyang kinamatayan para mailigtas; at nagnanais na lumapit at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; nagpapahayag, sa mundo, na nananampalataya kayo na ang inyong mga kasalanan ay pinatawad na, at kayo ay magiging alagad na ng Panginoong Jesus, na maninindigan.

20 Kung wala po kayong simbhang mapuntahan, kami nga'y magagalak na makasama namin kayo sa pagbubuklod namin dito. Wala kaming mga miyembro rito. Bukas na tabernakulo ito, sa lahat ng Katawan ni Cristo, ng bawat denominasyon. Narito kami para sa lahat ng denominasyon. At bukas po ang pinto namin sa lahat ng tao, sino pa man sila, anumang kulay, lahi, o kredo, ang lahat ay malugod na tinatanggap. "Sinuman na nagnanais, pumarito lamang." At kung wala talaga kayong simbahan, kami nga'y magagalak na kayo'y magpupunta rito at makikipagbuklod sa amin. Walang pakikianiib. Tumuloy lang kayo basta't bukas ang pinto, at makikipagbuklod sa amin. Yun lang ang kailangan n'yong gawin; basta't tumuloy lang nang ganun. Tumuloy kayo nang may bukas na puso, makipasan kayo

ng inyong balikat sa ruweda, at tulongan kami habang tayo'y magsusumikap na sumulong para sa kapakanan ng Kaharian-ng-Diyos. Dahil, tayo'y naniniwala na ang oras, ay nalalapit na, na ang lahat ng mga bagay na sinabi sa Biblia ay matutupad na.

<sup>21</sup> Hindi maitatanggi na marami sa inyo ang nakabasa na dun sa sinabi ni Khrushchev, dun sa pahayag niya sa U.N., nung isang araw, parang ganito 'yung pagkakasipi nun sa akin mula sa pahayagan sa Canada, ng isang kaibigan. Sabi niya, "Kung mayroong Diyos, Siya nga'y nakaamba nang tanggalan ng dumi at linisin ang templo uli, mula sa inyo na mga kapitalista, gaya ng ginawa Niya sa pasimula." Kaya hayan nga't mababasa n'yo naman ang ibig sabihin nun sa pagitan ng mga talata, "Siya'y nakaamba nang tanggalan ng dumi ang templo uli." At terrible diba, na isang komunista pa ang magsasabi ng ganung bagay? Pero may punto siya, hayan nga. Tama. Yung mga kapitalista, dun sa pasimula, ang nagdulot ng kaguluhan. Tayo ang mga kapitalistang 'yun.

<sup>22</sup> Napakinggan ko ang minamahal nating, mahal na pastor, na si Kapatid na Neville, na may nabanggit siya dun sa ano niya sa telebisyon . . . o programa sa radyo, nung isang umaga, na nagpabalik-balik, sa aking isipan. Di ko 'yun makalimutan. Binanggit ko pa nga 'yun sa isa kong kaibigan, kagabi. At ganito po 'yun, na ang mangyayari nga . . . Pagkatapos na kunin paalis ang Espiritu Santo, mula sa mundo, ang mga pormal na pansimbahang relihiyon ay magtutuloy-tuloy lang, nang di nila nalalaman ang pagkakaiba na wala na pala. Inyo na bang, inyo na . . . Mga ilan po rito ang nakapakinig na dun? [Sinasabi ng kongregasyon. "Amen."—Pat.] Hindi po ba't nakakabigla 'yun? Hindi kasi nila napagkikilala ang Espiritu Santo, kaya di rin nila malalaman mawala man Ito, at sila nga'y magpapatuloy lang gaya ng dati. Kapag ang pinakahuli'y naselyuhan na sa Katawan ni Cristo, sila'y magpapatuloy pa rin, sinisikap na magdala pa rin ng mga maaakay patungo Rito, dahil hindi nga nila napagkikilala kung ano Ito. At ang mga pormal nilang relihiyon ay magtutuloy lang nang magtutuloy gaya ng dati. Ngayon, maaaring hindi ito tumimo sa inyo gaya ng pagtimo nito sa akin, pero isa nga 'yung kabigla-biglang pahayag. Na, sila'y ganun na lamang kalayo, napag-iwanan sa pangrelihiyon nilang mga rituwal, na anupa't hindi nila mamamalayan ang pagkawala ng Espiritu Santo, dahil di naman nila nakikilala kung ano Ito, sa simula't sapul.

<sup>23</sup> Kahabagan tayo ng Diyos. Kapatid, hinahangad ko ngang mabuhay sa buhay na ito, na anupa't ang aking minimithi, ay maging hanggang dun sa kaliit-liitan Niyang pamimighati, ay mabatid ko sa puso ko. Na kung may magawa man ako na ikadadalamhati Niya, ay maramdaman ko 'yun agad-agad.

<sup>24</sup> Gaano pa kaya, 'yung kung mawala na Siya; hindi ko nga nanaisin na manatili pa rito nang wala na Siya rito. Gusto kong

wala na rin ako noon, siyanga, po, dahil wala na n'yang Dugo sa luklukan ng awa. Magiging madilim at mausok at maitim. Ang dakong kanlungan ay wala nang Manananggol, para iapela pa ang ating kaso. Alam n'yo bang sinasabi 'yan ng Kasulatan? Puno ng usok ang dakong kanlungan. Wala nang Dugo sa luklukan ng awa, kung gayo'y kahatulan na ang kasunod.

<sup>25</sup> Kung loobin ng Panginoon, sa darating na pagsisimula ng tagsibol, na bigyan tayo ng ilang gabing rebaybal. Nasa isip ko pa lang ito, gusto ko pong talakayin ang Aklat ng Apocalipsis, pag-aralan ito, tutugaygayin ang buong Aklat ng Apocalipsis, nang tuluy-tuloy.

<sup>26</sup> Ngayon, sa araw na ito, alam ko na marami ang nagsipunta rito, para maipanalangin. At ang tanggapan ko ay nakasara ngayon, o nitong sanglinggong ito. At ang ilan ay nagsipunta, pero di sila nabigyan ng pagkakataon na maipanalangin, dun, dahil ang mga kalalakihan ay nagsiuwian, nang isang araw o ilan, para makapahinga. Napakarami rin kasi nilang trabaho na inaasikaso; sarili nilang asikasuhin, tapos may asikasuhin pa sa tabernakulo, at pati 'yung mga tumatawag sa akin sa telepono at lahat na. At nakaka tensyon namang talaga 'yun paglaon. At kaya 'yun po ang dahilan. Batid ko naman na kung ako nga lumalabas po ako't nagpupunta sa isang dako, nang paminsan-minsan, at gagawa ng ibang bagay, at kaya alam kong kailangan din nila 'yun, din. Kaya, heto na't tinawagan nila ako. Sabi ko, "Sa palagay ko'y mainam nga 'yun." At tayo po'y mananalangin para sa mga maysakit, sa ilang sandali.

<sup>27</sup> At sa palagay ko'y magbasa muna tayo ng ilan mula sa Salita ng Diyos. Kung dala n'yo ang inyong Biblia ngayon, tayo po'y bumuklat na sa Aklat ni Isaias. Gustung-gusto ko ngang nakikita kayo na dala-dala n'yo ang Aklat n'yo at binabasa Ito. Babasa ako. . . May isa man o dalawang Salita kayo riyan na mababasa natin, ano't anupaman, Ito'y ang Walang Hanggang, Walang Kamatayang Salita ng Diyos. Hinding-hindi Ito lilipas kailanman. Ika-55 kabanata ng Isaias, ang paksa, "walang hanggang kaligtasan."

*Oh, lahat na nangauuhaw, magsiparito kayo sa tubig, at siya na walang salapi; magsiparito kayo, kayo'y magsibili, at magsikain; oo, kayo'y, magsiparito, kayo'y magsibili ng alak. . . ng gatas ng walang salapi at walang bayad.*

*Bakit kayo nangaggugugol ng salapi sa hindi pagkain? at ng inyong gawa sa hindi nakabubusog? inyong pakinggan ako, at magsikain kayo ng mabuti, at mangalugod kayo sa katabaan.*

*Inyong ikiling ang inyong tainga, at magsiparito kayo sa akin: kayo'y nagsipakinig, at ang inyong kaluluwa ay mabubuhay; at ako'y makikipagtipan sa inyo ng*

*walang hanggan, sa makatuwid baga'y ng tunay na mga kaawaan ni David.*

28 Nais kong mangusap sa inyo, nang ilang sandali, sa paksa pong: *Nang Walang Salapi O Walang Bayad.*

29 Napakaraming mapag-aaliwan sa panahon natin ngayon. Napakarami talagang bagay sa paligid ang nakaka-engganyo sa mga tao na tinatawag nating “mga kalayawan,” at mayroon para sa lahat ng tao, lahat ng edad.

30 Hayan ang mga nakaka-engganyo sa mga kabataan, na mga modernong sayaw at rock-and-roll na mga kasiyahan, at mga tugtugang kalakip nun. At nakaka-engganyo ang lahat ng ito, nakakaaliw.

31 Hindi ko alintana gaano pang kainam ang isang tahanan na pinaglakihan ng isang bata, at gaano man ang pagtuturo sa bata na 'yan na gumawa ng tama; kung ang bata na 'yan ay di pa nakakatanggap ng karanasan ng bagong Kapanganakan, makukuha't makukuha ng rock-and-roll na mga tugtugan ang atensyon ng bata na 'yan sa pagkarinig na pagkarinig pa lang niya dun. Dahil, sa loob niya, ay naipanganak sa loob niya, sa pamamagitan ng kalikasan, ang isang karnal na espiritu. At ang kapangyarihan ng diyablo ay ganoon na lamang katindi, ngayon, na makukuha't makukuha nito ang espiritu ng maliit na batang 'yun.

32 At gaano pa kayang mas matindi ang gagawin nito sa isang matanda na, siyanga, na tumanggi sa bagong Kapanganakan! Dahil, yamang mabago muna ang buhay mo, at ika'y mabago't maipanganak na muli, sa Kaharian ng Diyos, ang kalikasan mo'y mananatiling nakahilig sa mga bagay-bagay sa mundo, kahit gaano ka pang karelihiyoso, maliban talaga na mabago muna 'yun sa iyo. Magagawa mo ngang makasamba at maging relihiyoso talaga, pero naroon pa rin 'yung kung anong uri ng kapangyarihang 'yun na humahatak sa iyo, dahil ang lumang tao na ito ng kasalanan at ang mga pagnanasa nito ay hindi pa namamatay sa inyo.

33 Pero hayaan mo lang na kahit minsan ay kunin ni Cristo ang luklukan sa loob ng inyong puso, ang mga bagay na 'yun ay di na makakagambala pa. Ito kasi'y mas higit na dakila.

34 Hindi ko lang mabanggit sa inyo ang pangalan ng lalaking 'yun, dahil hindi ko maisip 'yung pangalan niya ngayon, pero marami sa inyo ang maaalala siya. Ayon sa kuwento-kuwento may isang isla kung saan nagagawi ang mga kalalakihan dun, sa patibong, at lababas ang mga kababaihan, na nagsisi-awitan. At 'yung pag-aawitan nila ay talagang nakakabighani, na ang mga marinerong nagsisidaan dun, sakay sa mga barko nila, ay mapapagawi talaga sa lugar na 'yun. At pagkatapos 'yung mga mandirigmang nagtatago ay—ay lalantad at sosorpresahin ang mga marinerong walang kamalay-malay, at papaslangin sila. At

may isang magiting na lalaki ang nagnanais na makadaan dun. At sinabihan niya ang kanyang mga marinero na itali siya sa poste ng layag, at—at—at busalan ng kung anong bagay ang bibig niya, para hindi siya makasigaw; at—at pinalagyan niya ng takip ang mga tainga ng mga marinero, para di nila marinig, dahil sa pagdaan ng barko nila dun, ay talagang maririnig 'yun. At heto na't nagsilabas na ang mga kababaihan, na nagsisipag sayawan at—at nagsisihiyawan, at nagsisi-awitan, at, oh, halos matuklap na 'yung balat niya sa pulsuhan niya, nagpupumiglas siya sa mga marinero niya, "Idaong n'yo! Idaong n'yo!" Pero di nila siya marinig, may mga takip kasi sila sa mga tainga nila.

<sup>35</sup> At pagkatapos naglayag na siya sa isang lugar kung saan pinakawalan na nila siya sa pagkakatali sa poste ng layag, o, tinanggal na nila 'yung pagkakatali ng kanyang mga kamay, at pinaalis na rin niya ang mga takip sa kanilang mga tainga. Sa lugar na 'yun, habang naglalakad sa may lansangan, narinig niya ang isang musikero na higit na lalong mahusay kaysa dun sa mga nasa isla, na nung siya'y mapadaan uli sa isla, sabi nila, "Oh, magiting na manlalakbay, itatali ka ba namin uli sa may poste ng layag?"

<sup>36</sup> Sabi niya, "Hindi na, hayaan n'yo lang akong di tali. May narinig akong higit na dakila, na di na ako magagambala pa nun kahit kailan."

<sup>37</sup> Ganoon nga ito sa isang Cristianong naipanganak na muli. May nasumpungan silang bagay na lalong higit kaysa sa mga rock-and-roll at kaaliwan ng mundong ito. Sila kasi'y inaaliw na ng Espiritu Santo. Ito nga'y higit na dakila, na anupa't ang mundo ay patay na sa kanila.

<sup>38</sup> Pero hayan nga't kapag magpupunta ka rito sa mga aliwan na ito na mababang uri, alalahanin n'yo na kinakailangan n'yo ng maraming salapi. Ang isang binata na dadalhin niya ang kanyang kasintahang babae sa mga kasiyahang ito at mga sayawan na ito, at kung anu-ano pa, kinakailangan nga niyang magbayad ng malaking bahagi buhat sa kanyang sanlinggong kita sa pagtratrabaho. At maging 'yung mga matatanda na pilit nilang hinahanap ang kaaliwan ay magsisipunta roon sa mga bahay-inuman, para inuma't pawiin ang kanilang kalungkutan ng sanlinggo, sila nga ri'y nagbabayad ng malaking halaga ng salapi. At anong napapala nila roon? Wala nga silang napapala kundi kalumbayan lamang ng puso.

<sup>39</sup> At alalahanin n'yo, kinakailangan n'yo ngang magsulit sa Diyos balang araw sa bagay na ito. "At ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." Wala kayong mapapala sa bagay na ito sa mundo, sa bagay na ganito. Isa itong huwad na mirahe. Dadagdagan lang ng kakainom ng alak ang kalungkutan. Dadagdagan lang ng kasalanan ang kamatayan ng kamatayan. Ang pinaka huli mong mapapala ay pagkawalay mula sa Diyos,



nang mapasa Walang Hanggan, sa Dagat-dagatang Apoy. At wala ka ngang matatamo na kahit anong karagdagan, kundi pagkalugi pa nga.

<sup>40</sup> Pagkatapos darating ang Diyos at itatanong ang tanong na ito, “Bakit ka gumugulog ng iyong salapi para sa mga bagay na hindi nakakabusog? Bakit mo ginagawa ito?”

<sup>41</sup> Ano bang nagbubunsod sa tao’t ginagawa niya ang bagay na ’yan? Haya’t nilulustay nila ang lahat ng mayroon sila, lahat ng kitain nila, para bumili ng maiinom na alak, para damitan ang kung sinong babae na kinakasama nila, o kung anu-ano pang bagay na makamundo, mahalay na kalayawan.

<sup>42</sup> Pero sinabi na mismo sa atin sa Biblia, at hinihikayat nga tayong lumapit sa Diyos, “At bumili ng kagalakang Walang Hanggan at Buhay na Walang Hanggan, nang walang salapi o walang bayad.”

<sup>43</sup> Ang mga bagay na ’yun ay hindi makakapagpuno, at ang dulo pa nga ng mga ito ay Walang Hanggang kamatayan. At samantalang malulustay mo lang dito ang lahat mong salapi na malilikom mo, na para sa ano’t maging—maging bigating tao o maging kaaliw-aliw, o maging lalaking gusto ng lahat dahil kuwela, o ano ka man, o maging sikat na babae, o anupaman. Malulustay lang dito ang lahat mong malilikom, sa pagiging ganyan. Magdadamit ng marangyang kasuotan, at—at gagawin ang mga bagay na ginagawa ng sanlibutan, na anupa’t Walang Hanggang kaparusahan lang ang maani’t mapapala mo.

<sup>44</sup> Sasabihin ng Diyos, sa oras na ’yan, “Bakit?” Ano ang gagawin natin sa Araw ng Paghatol, kapag tinanong tayo kung bakit natin ginagawa ang bagay na ’yan? Ano kayang magiging sagot natin? Ano kaya ang isasagot ng modernong Amerika, na inaangkin nilang Cristianong bansa raw sila? At samantalang mas malaki-laking salapi pa ang nilulustay sa wiski, sa buong santaon, kaysa sa ipinambibili ng pagkain. “Bakit n’yo ginugulog ang salapi n’yo para sa ganyang uri ng mga bagay?” Tapos, magagawa ng gobyernong ipakulong ka, dahil lang sa limang dolyar na buwis na ipinadala mo sa isang institusyon na hindi naman daw dapat tumanggap ng buwis, para maipadala sana sa mga pagmimisyon sa ibayong-dagat. Haya’t tatanungin tayo balang araw, “Bakit n’yo ginawa ’yun?”

<sup>45</sup> Isa tayong Cristianong bansa, at samantalang bilyon-bilyon ang ipinapadala natin sa mga tao roon, dahil sinisikap nating bilhin ang pagkakaibigan nila. Ngayon tinatanggihan na nila ito. Di na nga nakapagtata kang sinabi ni Khrushchev, “Kung mayroong Diyos, tatanggalin Niya ang dumi mula sa Kanyang palasyo para luminis uli.” Anupa’t ang mga di naniniwala sa Diyos ay nagagawa nilang magbitiw ng ganyang mga pahayag, para hiyain tayo. Katuya-tuyang bagay talaga! At samantalang tinatawag natin ang ating mga sarili na mga Cristiano.

46 Ang sabi ng Diyos, “Magsiparito kayo, bumili ng Buhay na Walang Hanggan, nang walang salapi, walang bayad.” Buhay, para mabuhay magpakailanman, tapos tinatalikuran lang natin Ito at tinatawanan lang natin Siya nang mukhaan. Ano kayang gagawin natin sa Araw na 'yun? Ako kayang magiging . . . ?

47 Yamang ibinigay na sa atin ng Diyos ang mga bagay na dapat nating gawin, at pinagkalooban tayo ng salapi, at ginawa pa tayong pinaka mayamang bansa sa ilalim ng langit, kaya naman tatanungin tayo ng Diyos kung ano ang ginawa natin sa salaping 'yun. Bakit natin ginugol ang salapi sa mga bagay na hindi nakakapagpuno? Hindi lang ito katanungan para sa bansa, pero sa lahat ng indibiduwal; mula sa sentimo-sentimo, hanggang sa milyon-milyong dolyar, sa bawat isa na binigyan.

48 Hayan ngang nagpapatayan pa rito ang mga tao: nabasa ko sa isang artikulo kamakailan lang, may dalawang kalalakihan daw na nagtratrabaho sa isang kampo para sa pangangaso. Ang isa ay may limang anak, 'yung isa ay dalawa naman. At 'yung isa sa kanila ay kailangang tanggalin sa trabaho. At 'yung isa sa mga kalalakihan na may dalawang anak, o limang anak, sa tingin niya mas kinakailangan niya 'yung trabaho kaysa dun sa may dalawang anak lang; at sumama siya dun sa lalaking 'yun para mangaso, at binaril niya 'yung lalaki sa likod.

49 Salapi, 'yan na ang kinasadlakan ng bansa, 'yan na ang simbuyo, 'yan na ang espiritu na nangingibabaw sa mga tao.

50 Kaya naman makikita n'yo diyan ang kahalagahan talaga ng bagong Kapanganakan. “Dapat kayong maipanganak na muli.” Kinakailangan talaga. “Magsiparito kayo sa Akin, at bumili nang walang salapi.”

51 Hindi mo nga masasabing, “Wala akong salapi.” Hindi mo kailangan ng salapi. Walang bayad itong ipinagkakaloob.

52 Tayong mga Amerikano'y nakasanayan nating bayad na lang tayo nang bayad para matamo natin ang lahat ng bagay. Yun ang slogan natin. “Nagbabayad naman kami para sa mga bagay-bagay. May salapi kami.” Ipinapangalandakan natin ang ating mga dolyar sa ibang bansa, at iba pa, na mga mahihirap. Hayang magsisidating, makikita n'yo ang pagdating ng mga turista, talagang makukulay ang plumahe at kay gagara ng suot. Yan ang gustong-gusto ng mga Amerikano. Ang bagay na 'yan ay walang kuwentang paglustay sa paningin ng Diyos. Di n'yan mabibili ang pagtungo natin sa Langit. Pero lahat nga ng bagay natin dito sa Amerika, may katapat lagi tayong bayad.

53 Magpupunta ka sa isang restawran, at kakain ka ng iyong hapunan. At kung hindi ka mag-iiwan ng pera sa lamesa, para bigyan ng tip ang serbidora, may simangot na mamumutawi sa mukhang 'yun, gayong sinusuwelduhan naman siya pagkatapos ng kompanya na pinagtratrabahuan niya. At kinakailangan nga na umabot ng sampung porsiyento, o higit pa, ng halaga ng iyong

kinain. Kung hindi mo gagawin 'yun, 'yung serbidora'y ang tingin sa iyo ay kuripot o kung sinong—sinong maramot. Gayong, nakukuha naman niya ang suweldo niya. Sa palagay ko'y di magandang bagay at kahihyan, ang gawin 'yun. Sa palagay ko napaka pangit na pagkilala 'yan sa bansang ito. Noong araw nga, 'yung maiinam na tao noon, maiinam na mga lugar noon, hindi nila pinapayagan ang ganun. Pero ang lahat nga'y tumutugaygay na sa isang malaking espiritu na 'yan.

<sup>54</sup> Papunta nga ako noon sa isang biyahe, sa tren. At 'yung tagabitbit dun. . . May dala ako noong maliit na maleta sa isang kamay, isang maleta sa isa namang kamay, at 'yung maliit kong lalagyan para sa pang-ahit ko ay nakakilik naman sa ilalim ng kilikili ko, at naglalakad ako noon. At lumapit sa akin 'yung tagabitbit, sabi, “Baka puwede kong bitbitin 'yan para sa iyo?”

<sup>55</sup> Sabi ko, “Oh, diyan lang po ako sa tren papunta, ginoo. Salamat na lang po, nang marami.” Halos nasa, oh, tatlumpung yarda lang kasi ang layo.

<sup>56</sup> Sabi niya, “Sige na't ako na lang po,” at dinala niya 'yung maliit na gamit at binitbit 'yun, naglakad na.

<sup>57</sup> Buweno, nung bitbitin na nga niya, naisip ko marahil akin lang. . . Alam ko namang nasusuwelduhan siya, pero siguro puwede ko naman siyang abutan ng—abutan siya ng kalahating dolyar. Siguro'y bitbit-bitbit niya ang mga kagamitan ko, mga gamit ko, nang siguro, sabihin na lang natin, isang minuto; mga halos ganito lang kalayo sa dulo ng tabernakulo, ang nilakad niya papunta sa tren. Sumampa na ako sa tren, muna, at inabot ko na lang sa baba at kinuha ang gamit ko. Binigyan ko siya ng kalahating dolyar.

Sabi niya, “Sandali lang po!”

Sabi ko, “Ano po 'yun, ginoo?”

Sabi niya, “Tatlong bag ang binitbit ko para sa iyo!”

Sabi ko, “Oo, ginoo, tama. Ano po, ano po ang problema?”

<sup>58</sup> Sabi niya, “Ang pinakamababa kong singil ay beinte singko sentimos kada bag. May kulang ka pang beinte singko sentimos sa akin.”

Kita n'yo, 'yun ang tinatawag n'yong Amerikanismo, lahat ng bagay ay may katapat na bayad.

<sup>59</sup> Nagmamaneho ka kunwari ng iyong kotse at nahulog mo 'yun sa isang bangin, at kaya kukuha ka ng tulong para mahila 'yun paalis. Aba'y kailangan handa kang magbayad, dahil tiyak na sisingilin ka nila sa paghatak nila dun. Yung maghahatak na pupunta at hihila sa iyo dun, sisingilin ka niya kada milya. At kung magsasaka ka pa, siyam sa sampu, kung ipapahatak mo 'yung traktora mo dun, mas matindi pa ang bayad.

60 Kinakailangan mong magbayad na lang nang magbayad sa lahat ng bagay na ipapagawa mo. Lagi na lang “Bayad! Pera! Bayad! Pera!”

61 At mas masahol pa nga 'yung bangin na pinaghulugan sa iyo ng kasalanan! Sino nga ang makasasalba sa iyo paalis sa bangin na 'yan ng kasalanan? Pero heto nga ang Diyos na hinango ka mula riyan sa bangin na 'yan ng kasalanan, nang walang salapi, walang bayad, sa panahon na walang kahit sino ang may kakayahan na hanguin ka mula roon.

62 Kung di ka magbabayad nang maayos dun sa manghahatak na hahango sa'yo roon, mananatili ka sa bangin. Kinakailangan may salapi ka o mananatili ka riyan sa bangin.

63 Pero ang pinaka masahol sa bangin na kinahulugan n'yo, ay itong pinaghulugan sa inyo ng diyablo, dito sa bangin ng kasalanan at kawalan ng pananampalataya. Ang Diyos nga'y bukal ang kaloobang hahanguin kayo, nang wala pong salapi, walang paniningil. At sa kabila nun hayang nakasadlak pa rin kayo sa baging 'yan, nangririmarim sa kasalanan, at di man lang magawa na tumawag sa Kanya.

64 Kapag hihingi ka ng saklolo sa manghahatak, kadalasan may ginagamit silang malaking kadena na ilalaylay nila dun sa bangin, ipupulupot 'yun sa bumper o kung saan, at sisimulan nilang hatakin na. At 'yung puwersa nung sasakyang tagahatak ay magsisimulang humatak, at 'yung makina nun ay uugong, at mahahatak ka na palabas.

65 Nung matagpuan kayo ng Diyos sa bangin ng kasalanan na 'yan, at narinig ang inyong pagtawag sa Kanya, naglaylay Siya dun sa ibabang 'yun ng kadena na ipinulupot sa Kalbaryo, sa pag-ibig ng Diyos, at iniangkla Ito sa inyong puso, at isinalin dun ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo, at sinimulan nang hatakin. At hindi ka nga pinagbabayad ng kahit ano. At sa kabila nun ay naglulumagi tayo dun sa bangin na 'yun dahil di natin kayang bayaran 'yun galing sa ating bulsa. Tayo kasing mga Amerikano iniisip natin na mababayaran natin 'yun galing sa ating bulsa, pero hindi n'yo nga 'yun magagawa. Wala kasi itong katumbas na salapi o walang bayad. Hinding-hindi mo 'yun mababayaran sa simbahan. Binayaran na 'yun ni Jesus sa Kalbaryo. Pero ang mga tao'y ikinahihiya Ito. Gusto kasi nila Ito sa pamamaraan nila. Ang Diyos ay may pamamaraan para iyong matamo Ito, at Ito'y walang bayad kung tatanggapin mo lamang Ito.

66 Kadalasan, kapag hahatakin ka nila mula sa bangin, ikaw nga'y magagalusan, kinakailangan mong magpunta sa ospital. At bago ka nila asikasuhin dun, bago ka pa man tingnan man lang sana, magtatanong sila, “Sinong magbabayad ng bayarin? Kung tatahiin namin ang mga sugat, kung bubuhusan namin ito ng langis, at iiniksiyunan ka para—para malayo ka sa banta ng

pagkalason ng dugo, anong klaseng insurance ang mayroon ka?" Bago ka pa man tingnan sa paumpisa, kinakailangan na may pera ka na agad na maipapakita.

67 Pero nung ang Panginoon ay ipulupot ang Kanyang kadena ng pag-ibig sa palibot ng iyong puso, at hatakin ka palabas sa bangin na 'yan ng kasalanan, Kanya ngang pinagaling ang bawat wasak na puso, inalis ang lahat ng pagkakasala. At ang bayarin ay iwawaksi dun sa dagat ng pagkalimot, para di na ito alalahanin pa laban sa inyo. "Magsiparito kayo, nang walang salapi o walang bayad." Kahit gaanong kagrabe pa ang natamo mong sugat, kahit gaano pang kagrabeng galos ang dinanas mo, gaano mang katindi ang nagawa ng pamilya mo, o nagawa mo, wala ngang kalakip na bayarin ito. Siya ang nagpapagaling ng dalamhati ng puso, nag-aalis ng lahat ng kalungkutan. "Siya ay nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, binugbog dahil sa ating mga pagsuway; ipinataw sa Kanya ang parusa para sa ating kapayapaan; at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling tayo." Walang bayad itong lahat.

68 At ni di man lang natin gustong tanggapin Ito, dahil tayo'y pinangingibabawan ng maling espiritu. Pinangingibabawan tayo ng espiritu ng bansa, ng espiritu ng mundo, sa halip na mapangibabawan ng Espiritu ng Diyos, ng Espiritu Santo, na mangunguna sa'tin at gagabay sa'tin sa lahat ng Katotohanan, at tutuparin ang Biblia.

69 Minsan noon, may nakausap akong isang di naniniwala sa Diyos. "Isipin mo 'yun, G. Branham. Itong lahat ng paghihirap natin sa buhay, at ang tanging bagay lang, para maligtas tayo, ay kung anong sinaunang kasulatang Hudyo lang."

70 "Oh," sabi ko, "ginoo, marahil 'yun lang ang tanging bagay na masasabi mong taglay mo, pero may taglay ako rito na higit diyan. Taglay ko ang Espiritu ng Isa na 'yun na sumulat Nito, na pinatotohanan Ito at tinutupad Ito, bawat pangako." Di nga niya alam kung paano tanggapin 'yun.

71 Kita n'yo, kinakailangan n'yong lumapit lamang at bumili nang walang salapi, bumili nang walang bayad. Wala ka ngang ibabayad dito. Ito'y walang bayad na "sinuman na magnanais, siya nga'y lumapit." Hahanguin ka ng Diyos mula sa bangin.

72 Gaya nung lalaki sa may pintuan na tinawag na Maganda. Siya nga'y isinadlak sa bangin, mula pa noong nasa tiyan siya ng kanyang nanay, nung diyablo na pumilay sa kanya sa mga paa niya. Ang pamamaraan niya ng ikabubuhay ay manlimos sa mga taong nagsisidaan dun. At sa kanyang pagkakaupo sa may pintuan nung umagang 'yun, nakita niya ang dalawang pentecostal na mangangaral na parating. Wala nga silang dala ni diyes sentimong barya man lang, haya't ang sabi pa nung mangangaral, "Pilak ay wala ako." At diyes sentimo na 'yung

pinakamaliit na bahaging barya nung pilak. “Pilak at ginto ay wala ako.”

<sup>73</sup> Sa palagay ko ganito ang naisip nung lalaking 'yun. “Di ko na kailangang ilabas pa itong kopa ko na panlimos.” Marahil sinisikap nung lalaking 'yun na makapag-ipon ng sapat na salapi. Kuwarenta anyos na siya, at marahil sinisikap niyang makaipon ng sapat na salapi, magagawan siya ng mga doktor ng pares ng bakal sa paa, para makalakad, dahil, siya, 'yung kanyang mga bukung-bukong ay dun ang kapansanan niya. At marahil nangangailangan siya talaga noon ng salapi, para paunang bayad, nang sa gayon matugunan siya ng mga doktor. At siyanga't di na niya kailangang ilabas pa ang kanyang kopang panlimos sa mga pentecostal na mangangaral na ito na walang-wala rin naman. Yung tsansa, na sila'y . . . napakaliit po, na makapalimos ng kahit mumunting barya mula sa mga lalaking ito.

<sup>74</sup> Pero nung tumingin nga siya sa kanilang mukha! Yung isa, kabataan pa't mamula-mula sa kabataan; 'yung isa, matanda na't kulubot na; nung si Juan . . . nung sina Pedro at Juan ay papalapit na dun sa may pintuan. May bagay na nakita 'yung lalaking pilay sa kabataang lalaking 'yun. Na para bang, 'yung pamumula niya ay mistula bang higit sa pangkaraniwan. May nakita siyang higit sa ilalim ng mga kulubot at paghihirap, na gawa ng araw ng Galileang pumasong mukha nung matandang mangingisdang 'yun, may “di maipaliwanag na kagalakan, at puspos ng kaluwalhatian.” May bagay siyang nakita na tila ba kakaiba.

<sup>75</sup> Alam n'yo, may kung anong bagay nga rito sa pagiging Cristiano, na nagpapaiba ng itsura ng mga tao. Sila ang pinaka magandang tao saan mang lupalop ng mundo.

At kinuha niya ang kopa niya't itinabi sa gilid.

<sup>76</sup> At si apostol Pedro, yamang siya ang nakakatanda, ang sabi, “Pilak at ginto ay wala ako.” Sa madaling sabi, “Hindi kita kayang tulungan, na makabili ng saklay. Pilak at ginto ay wala ako, ngunit mayroon ako ritong ibang taglay!” Siya nga'y nakaparoon na para makabili mula sa Kanya na may taglay ng pulot-pukyutan at kagalakan ng alak ng kaligtasan. Siya nga'y kagagaling pa lang doon, dalawa o tatlong araw pa lang ang nakararaan noon, galing sa Pentecostes, kung saan may bagay na naganap.

<sup>77</sup> At 'yung kabataang lalaki ay buong siglang sumang-ayon nang may napakalakas at malaking “amen” sa sinabing 'yun, at tumingin sa mukha nung pilay.

<sup>78</sup> Anong nangyari? Ang kadenang 'yun ng pagkaawa, 'yung pagkahabag Niyang 'yun na nagsabi, “Ako'y nahahabag sa mga maysakit,” ang siya ring Espiritu na 'yun ay namutawi dun sa puso ng matandang mangingisda. Sabi niya, “Kung sa salapi,

wala ako nun, ngunit may bagay ako na makamilyong beses na higit sa bagay na 'yun. Iyon ang mayroon ako!"

<sup>79</sup> Ngayon alalahanin n'yo, si Pedro nga ay isang Judio, at sila nga'y mahihilig sa salapi, likas na nila, pero ang Judiong ito ay nabago. Hindi, "Itong mayroon ako, ibebenta ko sa iyo."

<sup>80</sup> Pero, "Itong mayroon ako, ibibigay ko sa iyo! Itong taglay ko rito! Wala nga ako ni mumunting barya sa bulsa ko. Ni hindi ko nga kayang bumili ng pirasong tinapay. Wala nga akong mabili kahit na ano. Wala ako ni sentimo. Pero kung iyo lamang tatanggapin, itong bagay na mayroon ako, ibibigay ko ito sa iyo dahil walang bayad itong ibinigay sa akin." Yan ang kinakailangan natin. "Itong mayroon ako, ibibigay ko sa iyo."

"Ano 'yang mayroon ka, ginoo?"

<sup>81</sup> "Ako nga'y nanggaling sa Kanya na nagbebenta ng gatas at pulot-pukyutan, nang walang bayad. Akin Itong ibibigay sa iyo. Hindi mo ako kailangang bigyan ng kapalit sa bagay na Ito. Kung iyo lamang tatanggapin Ito, akin Itong ibibigay sa iyo. Hindi kita sisingilin, haya't ibibigay namin ito."

<sup>82</sup> Dahil, "Kung paanong tinanggap ninyong walang bayad, ay inyong ibigay nang walang bayad." Yun nga ang atas ng kanyang Panginoon, tatlong araw bago 'yun. "Humayo kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ang Ebanghelyo. Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; at ang di sumasampalataya ay parurusahan. Lalakip ang mga tandang ito sa sinumang magsisisampalataya: Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo; magsasalita ng bagong wika; kung makainom sila ng mga bagay na nakamamatay, di ito makakasama sa kanila; kung sila'y hahawak ng mga ahas, hindi sila magagambala nito. Kung papaanong tinanggap ninyo nang walang bayad, ay ibigay ninyo ito nang walang bayad." Ang Judiong 'yun ay nabago talaga. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang apat na beses—Pat.]

<sup>83</sup> Ang kailangan nga natin sa Amerika ay isang pagbabago, na ang Espiritu Santo na ang siyang mahalili sa lugar ng mga panrelihiyon nating mga rituwal, "Kung papaanong tinanggap n'yo nang walang bayad, ay ibigay n'yo nang walang bayad."

<sup>84</sup> "Itong bagay na mayroon ako, aking ibibigay sa iyo: sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo ng Nazaret, tumayo ka't lumakad"; pananampalataya sa sadyang dalisay na Pangalan ng Manlilikha! Kaya naman di na nakapagtataakang ang pilay na 'yun ay nagpalukso-lukso at nagpatalon-talon, at nagpuri sa Diyos!

<sup>85</sup> Oh, 'yung mahihirap na bagay nga na pinagdaanan niya, marahil naupo siya dun nang mag-aapatnapung taon, sinisikap sanang makalikom ng sapat na salapi para maibili ang sarili ng saklay, pero hindi niya magawa. Pero doon nga mismo sa di inaasahang lugar, at di inaasahang panahon, at di inaasahang,

mga taong salat din naman, nakuha nung pilay ang inaasam niya. Ako nga'y galak na galak na ganoon nga ang ginawang pamamaraan ng Diyos dun.

<sup>86</sup> At dun sa may grupo ng mga hamak, na binansagang mga holy-roller isang gabi, nasumpungan ko ang inaasam ko, na di mabibili ng salapi. Sa grupo na 'yun na mga salat sa pinag-aralan, hindi edukado, hindi magaganda ang bihis, na mga Negro, kung titingnan pa nga, doon sa dakong 'yun na dating bahay-inuman na iniba't inayos lamang, doon mismo sa dakong 'yun, nasumpungan ko ang isang bagay na higit ang halaga, isang mamahaling hiyas; nung 'yung maitim na kapatid dun ay tumingin sa mukha ko noon, at nagsabi, "Natanggap mo na ba ang Espiritu Santo magmula nung manampalataya ka?" Oh, isa nga Iyong bagay na inaasam-asam ko talaga. Hindi ko nga Iyon inaasahan noon na masusumpungan ko sa gitna ng mga taong 'yun, pero taglay-taglay nila ang kailangan ko.

<sup>87</sup> Ang U.N. ngayon, hinding-hindi nga nila tatanggapin itong bagay na natanggap natin, pero 'yun dapat ang kailangan nila. Si Khrushchev, lahat nga sila roon, kailangan nila si Cristo, sa bautismo ng Espiritu Santo. Babaguhin Nito ang kalooban nila. Iubunsod Nito na ang mga kalalakihan, na namumuhi sa isa't isa, na maging magkakapatid. Aalisin Nito ang kasakiman, at masamang hangad at matinding hidwaan; at ilalagay ang pag-ibig at kagalakan, at kapayapaan, kabutihan at kahabagan.

<sup>88</sup> Oo, sa mga dako talaga na di inaasahan, ay doon n'yo nga minsan masusumpungan ang bagay na hinahanap n'yo.

<sup>89</sup> Anupa't maibibigay talaga ng mga anak ni Israel (ang lahat ng mga nakuha nilang samsam sa Egipto) nung panahon na 'yun na halos duguin na ang kanilang mga labi, nung panahon na 'yun na halos laylay na ang kanilang dila sa kanilang bibig ano pa? Kung maaari nga lang ay ibigay na nila ang lahat ng gintong nakuha nilang samsam sa mga taga-Egipto, para sa kahit isa man lang na masarap na malamig na inuming tubig. Ang mga pinuno nila sa ilang ay dinala na sila mula sa isang oasis patungo sa isa pang oasis, mula sa mga balon patungo sa mga bukal, pero ang lahat ng 'yun ay mga tuyo naman.

<sup>90</sup> Tapos bigla na lang dumating, nang walang salapi o walang bayad! Nagsalita ang Tinig sa propeta at ang sabi, "Magsalita ka sa bato," sa pinaka tuyong bagay doon sa ilang, sa pinaka malayong bagay mula sa tubig. Doon nga'y ang uhaw nila'y napawi, nang walang salapi o walang bayad. "Magsalita ka sa bato." Hindi sinabing bayaran mo ang bato, kundi "magsalita ka sa bato."

<sup>91</sup> Siya pa rin mapasa hanggang ngayon ang naturang Bato sa gabing ito. Siya ang Bato sa nakapanghihinang lupain. Kung kayo nga'y naglalakbay sa nakapanghihinang lupain na 'yun, magsalita kayo sa Bato. Hindi n'yo Siya kailangang bayaran;



magsalita lamang kayo sa Kanya. At Siya'y handang saklolo sa panahon ng kabagabagan. Kung kayo ay lipos ng karamdaman, magsalita lang kayo sa Bato. Kung kayo ay lipos ng kasalanan, magsalita lang kayo sa Bato. Kung kayo ay lipos ng kahinaan, magsalita lang kayo sa Bato.

<sup>92</sup> Tingnan n'yo, para bang sa dinami-dami ng lugar. . . Para bang, kung walang tubig dun sa mga mumunting lugar kung saan may mga bukal, o di sana'y mas lalong walang tubig dun sa bundok na 'yun, sa may bato. Ang paggawa nga ng Diyos sa mga bagay-bagay ay kabaligtaran sa pag-iisip ng tao. Ang bato na 'yun, pinaka tuyong dako sa buong ilang, pero sinabi Niya, "Magsalita ka sa Bato."

<sup>93</sup> Sa panahong ito, ang mga tao'y labis-labis ang pagkadaya. Iniisip nila na kung magpupunta sila't uusal ng panalangin, babayaran ang isang pari para usalan sila ng panalangin, ay bayad na sila't pasok na sila. Na anupa't kung magtatayo sila ng malalaking simbahan kung saan, at may mayamang lalaki na sasagutin ang pagpapatayo nun, at siya nama'y namumuhay sa kamunduhan, magbabayad para usalan siya ng panalangin, haya't iisipin niyang 'yun na 'yun. Di nga kailangan ng Diyos 'yang maruming pera mo. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang tatlong beses—Pat.] Ang tanging ninanais Niya ay ang pagkamatapat mo at ang buhay mo mismo na Siya ang inihahayag. Binigyan ka ng Diyos ng pera, huwag mo itong gugulin sa mga bagay na di nakakapagpuno. Gugulin n'yo ito sa mga bagay na nakakapagpuno. Haya't para magbunsod ng tunay na pagkapuno, hindi mo nga ito makukuha liban na magsalita ka sa Bato.

<sup>94</sup> Siya nga'y nagpabukal ng mga tubig na nagbibigay-buhay, nang walang salapi o walang bayad. At sila'y nagsiinom, at ang mga kamelyo nila'y nagsiinom, ang mga anak nila'y nagsiinom, at 'yun pa rin ay nanatiling bukal na nag-uumapaw sa ilang.

<sup>95</sup> At sa ganoon din na Siya ang naturang Bato na 'yun sa panahon ngayon, sa nakapanghihinang lupain na ito, para sa mga taong naghihingalo. "Ang sinumang sumasampalataya sa Kanya ay di mamamatay, kundi mayroong Buhay na Walang Hanggan."

<sup>96</sup> Pansinin. Sa gabi-gabi, hindi nga nila kailangang mag-alala kung may tinapay kaya. Ang tinapay nila'y inihahatid sa kanila, gabi-gabi, nang panibago.

<sup>97</sup> Tayo nga ngayon kung lalakad tayo't kukuha ng piraso ng tinapay. Kung isa kang manlilimos, at lalakad ka rito sa isang tindahan, at sasabihin, "Ibig ko po't gusto ko ng isang piraso ng tinapay."

<sup>98</sup> Sasabihin ng nagtitinda, "Ipakita mo, muna, sa akin ang sangkapat na dolyar mo. Kailangan ko muna ng dalawampu't limang sentimo para sa pirasong ito ng tinapay."

<sup>99</sup> At ano ngang nakuha mo roon nung matanggap mo na ito? Medyo di nga ito maganda, pero ang nakuha mo lang dun ay 'yung pinaka mababang uri ng tinapay na magagawa mula sa trigo. Sinaid na nila dun ang lahat ng—ng bitamina mula roon, lahat ng pira-pirasong nun, at ibinigay nila sa baboy. Hinaharuan nila 'yun ng kung anong kola para magdikit-dikit 'yung pira-pirasong nun, at ihihialay 'yun, at gagawa na sila mula dun ng tinapay, na minsan minamasa pa ng marurumi't, di hinugasang mga kamay, kadalasan. Tingnan mo nga 'yang makikita mo sa tinapay mo, minsan, may buhok-buhok pa, at kung anu-anong nakadidiring bagay, at may kung anu-ano pang naisasama sa pagkabalot, at lahat na ng kung anu-anong nahuhulog dun sa mga panaderya roon. Mga makakamundong trabahador na may nakahahawang sakit, at lahat na, ang nagmamasa nun. Kung makikita n'yo lang kung paano nila ginagawa 'yun, ay di n'yo nga 'yun maaatim na kainin. At, sa kabila nun, ibinabayad n'yo para dun ang dalawampu't limang sentimo n'yo o kung hindi ay di n'yo 'yun makukuha.

<sup>100</sup> At samantalang pinakakain sila dun ng Diyos gabi-gabi, ng tinapay na gawa ng mga kamay ng Anghel; nang walang salapi, walang bayad. At, sa panahon ngayon, ang tinapay na 'yun ay kumakatawan kay Critso, espirituwal na Buhay, na bumaba mula sa Langit, upang ibigay ang Kanyang Buhay.

<sup>101</sup> At ang Diyos ay nagbibigay sa Kanyang mga anak, araw-araw, ng bagong karanasan lagi. Tandaan n'yo, kung magtitira sila ng tinapay, mapapanis lang 'yun.

<sup>102</sup> May maririnig nga kayo na nagsasabi, “Buweno, mayroon naman akong. . . Sinasabi ko sa inyo. Isa akong Lutheran. Isa akong Presbyterian, Baptist. Isa akong Pentecostal,” hayan nga't lumang piraso lang 'yan ng tinapay na gawang-kamay. Yun lang 'yun, ganoon na lamang karumi, at gawa-gawa lang ng mga kamay ng tao.

<sup>103</sup> Pero kapag nakarinig ka ng isang karanasan, na panibago, “Nitong umaga, sa pananalangin, nabautismuhan ng Espiritu Santo ang kaluluwa ko nang panibago,” oh, kapatid, Pagkain nga 'yan ng Anghel. Pinapakain Niya sila nang panibago, sa araw-araw, na nanggagaling sa Langit.

Buhos-buhos na pagpapala ang ating kailangan.

Mga patak ng awa ang sa paligid nati'y nagsisipatakan,

Subalit buhos-buhos na pagpapala ang ating pananambitan.

<sup>104</sup> Oh, siyanga, ipinapadala mula sa Langit, nang panibago, Panginoon, si Cristo na Tinapay ng Buhay. Iyo pong ilagak Ito sa aking puso, at Iyong itulot na tamasahin ko ang Kanyang dakilang Presensya.

105 Tunay, na abot-abot nga ang kanilang pasasalamat. Sila'y tunay na nagalak. At sinumang lalaki o babae na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, at tumanggap ng Espiritu Santo, sila nga sa tuwina ay abot-abot ang pasasalamat. Anupaman diyan ang mangyari, abot-abot nga ang iyong pasasalamat.

106 Gaya nung munting, bulag na batang lalaki dun sa bundok, si munting Benny, ganoon siya ipinanganak. Nung nasa mga walong buwan na gulang siya, may tumubong mga katarata sa kanyang mga mata. Ang mga magulang niya ay mahirap. Dun lang sila nakatira sa may gilid ng bundok na putik. At alam nila na kung maoperahan lang siya'y maisasalba pa ang mga mata ni munting Benny, para makakita siya. Binatilyo na siya ngayon na nasa labindalawang taong gulang na. Ang mga magulang niya'y sapat lang ang kinikita para bumili ng tinapay at karne nila sa buong santaon. Hindi nila kayang tustusan 'yung operasyon.

107 Lahat ng mga kapitbahay, sila nga roon, nakikita nila si munting Benny na sinusubukang makipaglaro sa mga maliliit na bata roon, gayong bulag siya. Di niya makita ang ginagawa niya. Nakadama sila ng pagka awa. At bawat isa, nung taon na 'yun, pinagtrabahuan nila ang kaunting karagdagang tanim. Nagsitrabaho sila nang kaunti pa gaano man ang hirap sa ilalim ng araw. At nung maipagbili na ang mga tanim nung taglagas na 'yun, dinala nila 'yung pinagbentahan at pinaluwas nila si munting Benny sa tren, at pinadala siya sa doktor.

108 Matagumpay ang ginawa nilang operasyon dun. At nung makabalik na siya pauwi, lahat ng mga kapitbahay ay nagtipon sa paligid nung bumaba na si munting Benny ng tren. Yung munti niyang, maliliwanag na mga mata'y nagningning. Bigla na lang siyang napasigaw at napahagulgol, habang tinitingnan niya ang kanilang mga mukha.

109 Sabi nung isa sa mga kundoktor dun, "Iho, gaanong kalaki na halaga ang ginugol mo para sa operasyon na 'yan?"

110 Sabi niya, "Ginoo, hindi ko batid kung gaanong kalaki ang halaga na ginugol ng mga taong ito para rito. Pero ako nga'y galak na galak na makita ang kanilang mga mukha, na mga nagbayad sa halaga."

111 Ganyan na ganyan nga ang nararamdaman natin. Hindi ko batid kung gaanong kalaki ang ginugol Dito ng Diyos. Pero batid ko nga na ibinigay Niya ang pinaka mainam Niya na maibibigay, ang Kanyang Anak. Kaya naman ganoon na lang ang aking pasasalamat na nakamtan ko itong espirituwal na paningin, na magagawa ko na ngayong tumingin sa Kanyang mukha at mapagkikilala na Siya ay namatay para sa akin. Di ko alam kung gaanong kalaki ang ginugol Niya para Rito. Wala tayong paraan para tantyahin ang laki nito. Ganoon na lamang kalaki ang halaga. Hinding-hindi ko nga masabi sa inyo kung

gaanong kalaki 'yun. Pero ako'y abot-abot ang pasasalamat. Ako'y lampas-lampas nga ang kagalakan, na, noon ako'y bulag, pero ngayon ay nakakakita na.

112 Ganoon na lamang ang pasasalamat ko nung panahong 'yun na sabihin sa akin ng Mayo Brothers na tapos na ang oras ko, nung sabihin sa akin ng mga doktor na hindi na hahaba pa ang buhay ko, dalawampu't limang taon ang nakakaraan, pero buhay pa rin ako hanggang ngayon. Hindi ko nga alam kung gaanong kalaki ang ginugol Doon ng Diyos, pero ako nga'y abot-abot ang pasasalamat na ako'y buhay pa rin.

113 Ako'y dating makasalanan, nagagapos ng kasalanan, may mga kalumbayan ang puso, takot na takot sa kamatayan. Pero, ngayon, ang kamatayan ang katagumpayan ko. Hallelujah! Ang tangi kasing magagawa nito'y dalhin ako sa Presensya Niya na iniibig ko, na aking makikita nga ang Kanyang mukha. Binago Niya ang bagay na 'yun, sa pamamagitan ng isang operasyon, Kanya ngang kinuha ang aking puso at pinagbago ito. Alam ko na may kung anong bagay na naganap sa akin.

114 Sa isang pahayagan nung nakaraang taglagas, sa Minnesota, may isang batang lalaki dun na kinuha niya ang bisikleta niya at nagpunta sa simbahan may isang umaga, sa Sunday school. Tapos may isang kabataang lalaki sa kalapit na kabahayan, iwas na iwas siya sa Sunday school, sinundo niya ang kanyang kasintahang babae at pumasyal sila para mag-skating. At 'yung lalaking 'yun ay nakatatandang lalaki, at napapunta siya roon sa kung saan manipis ang yelo at nahulog siya. Pinagtatawanan nga niya nung umagang 'yun 'yung maliit na batang lalaki nung papunta na ito roon, ang sabi pa niya sa kasintahan niyang babae, sabi, "Mga panatiko lang ang mga nagsisipunta dun sa simbahang 'yun." At nung mahulog siya sa butas sa yelo, 'yung kasintahan niya'y nakadistansya sa kanya noon. Medyo magaan 'yung babae; nakaiwas siya. Pero 'yung lalaki nga nung umahon siya't ipatong niya ang mga bisig niya sa yelo, siya nga'y naparalisa, at napasalampak dun sa yelo.

115 Sinubukan nung kasintahang babae na abutin siya, pero dahil sa mabigat din 'yung babae, halos mabita niya 'yung yelo. Sumigaw 'yung lalaki dun sa babae, "Bumalik ka! Bumalik ka! Mahuhulog ka lang, at pareho tayong malulunod." Sumigaw siya, napaiyak na lang siya, at wala ngang puwedeng makaligtas sa kanya.

116 Pagkatapos ng ilang sandali, doon sa ibabaw ng burol, may paparating na munting bisikleta, nagpepedal, 'yung munting batang lalaki na may kilik-kilik na Biblia sa ilalim ng kanyang kilikili. Narinig niya 'yung sigaw, at nagmadali siya sa kanyang maliit na bisikleta. Inilapag niya ang Biblia niya, at tumakbo roon sa may yelo. Gumapang siya sa kanyang munting tiyan, suot-suot pa rin ang pangsimbahan niyang damit, hanggang sa

mahawakan niya 'yung mga bisig nung lalaki dun, at hinatak siya nang hinatak, hanggang sa maalís niya siya sa yelo. Tapos tumakbo at pumara ng sasakyan. Tumawag sila ng ambulansya at naisugod agad 'yung lalaki sa ospital.

<sup>117</sup> Matapos na magpunta siya't bayaran na 'yung ambulansya, bayaran 'yung mga doktor sa mga nakuha niyang iniksyon para sa pulmonya at iba pang mga bagay, nilapitan niya 'yung batang lalaki. Sabi niya, "Iho, alam mo ba kung anong utang ko sa iyo?"

Sabi nung bata, "Wala po 'yun."

<sup>118</sup> Sabi nung lalaki, "Utang ko sa iyo ang buhay ko." Isipin n'yo 'yun. Hindi nga kayang bayaran 'yun ng salapi. Buhay niya kasi 'yun.

<sup>119</sup> Ganoon nga dapat ang nararamdaman natin sa Diyos. Di 'yung binabayad-bayaran na lang natin ang kung anu-ano para makaalpas sa anumang bagay; haya't utang natin sa Diyos ang buhay natin, dahil tayo noo'y halos mamatay na't dumadausdos na roon sa bangin ng kasalanan. Iniabot ng Diyos ang Kanyang mga bisig at dinamitan ako ng balabal.

Ako'y palubog nang palubog sa kalaliman ng kasalanan,  
 Malayo sa kanlungan ng mapayapang dalampasigan,  
 Kalooban ko'y ganoon na lamang na sadyang narurungisan,  
 Lumulubog nang lumulubog umahon man ay walang kakayahan;  
 Subalit ang Panginoon ng karagatan  
 Narinig ang hibik ng aking pagmamakaawa,  
 Hinango ako mula roon sa katubigan,  
 Ngayon ako'y narito na sa kaligtasan.

<sup>120</sup> Utang ko sa Kanya ang buhay ko. Utang n'yo sa Kanya ang inyong buhay. Utang n'yo sa Kanya ang inyong buhay, na inyo dapat Siyang pinaglilingkuran; hindi 'yung bigay-layaw kayo, na lalakad kayo't ipagmamalaki n'yo ang denominasyon n'yong simbahan; hindi 'yung kung anu-anong pinag gagagawa n'yo na nililibak n'yo ang iba; kundi ang dapat nga'y sikapin n'yong maglingkod at igitas ang iba, at dalhin sila sa pagkakilala sa Panginoong Jesus Cristo.

<sup>121</sup> Yung alibughang anak. Sa pagtatapos po, hayaan n'yong sabihin ko ito. Noong lustayin niya ang lahat ng kabuhayan niya, kabuhayan nung ama, sa pagpapakalayaw, at nung siya nga'y pauwi na noon sa tahanan. . . Siya nga'y nasadlak doon sa kulungan ng baboy, at nakapagnilay-nilay siya. At sabi niya, "Ilang mga alilang upahan, ang mayroon ang aking ama, na may sapat at lumalabis pang pagkain, at samantalang ako rito ay namamatay, sa gutom." Ano kaya kung ang nagawa niyang sabihin doo'y, "Ano kaya kung makakuha ako ng salapi para

mabayaran ko ang aking ama (dahil dun sa mga nilustay ko sa paglilimayon ko) ano kaya?” Pero batid nga niya ang kalikasan ng kanyang ama, at sabi niya, “Magtitindig ako’t paroroon sa aking ama.”

<sup>122</sup> Hindi nga sinabi ng ama, “Sandali lang, anak! Ibabalik mo ba ang salapi ko?” Hindi. Hindi niya siningil ang kanyang anak sa pagkakasala nito. Siya’y tuwang-tuwa na bumalik ang anak niya. Siya’y tuwang-tuwa na ang anak niya’y nakapagnilay-nilay, dahil siya’y anak niya. Siya’y sarili niyang anak. Siya’y natuwa na ang anak niya’y nasa daan na niya’t pauwi na ng tahanan. Ngayon, di nga niya kinukunsinti ang pagkakasala nito, pero siya’y tuwang-tuwa na nakapagnilay-nilay ang anak niya’t sabi nito, “Nagkasala ako sa harap ng aking Diyos, at sa harap ng aking ama. Magtitindig ako’t paroroon sa kanya.”

<sup>123</sup> At nung makita nung ama’yung anak, sa malayo pa lang, tumakbo na siya agad para salubungin ang anak at hinagkan ito. At sabi pa niya, “Katayin n’yo ang pinatabang guya,” nang walang salapi. “Dalhin n’yo ang pinaka mainam na balabal,” nang walang salapi. “Dalhin n’yo ang singsing,” nang walang salapi, “ilagay ito sa kanyang daliri. Magsikain tayo, uminom, at mangagalak, sapagkat ang anak kong ito’y nawala at ngayon nga’y nasumpungan na. Siya ay patay na, at siya ay muling nabuhay. Tayo’y mangagalak sa bagay na ito.”

<sup>124</sup> Hayaan n’yong sabihin ko ito mga kaibigan, sa pagtatapos. Ang tanging bagay na nakakapagpuno, ang tanging mga bagay na tunay, tanging maiinam na bagay na mayroon, ay hinding-hindi mabibili ng salapi. Ang mga ito’y walang bayad na kaloob ng Diyos, sa pamamagitan ni Jesus Cristo: kaligtasan ng kaluluwa; kagalakan. Magsilapit kayo at kumain, at mabusog.

*Ano’t kayo’y nangaggugugol ng salapi sa hindi pagkain? at ng inyong gawa na hindi nakabubusog? inyong pakinggan ako, at magsikain. . . ng mabuti, at mangalugod kayo sa katabaan.*

*Inyong ikiling ang inyong mga tainga, at magsiparito kayo sa akin: kayo’y magsipakinig, at ang inyong kaluluwa ay mabubuhay; at ako’y makikipagtipan sa inyo ng walang hanggan, sa makatuwid baga’y ng tunay na mga kaawaan ni David.*

<sup>125</sup> Lahat ng mga bagay na magtatagal, lahat ng mga bagay na mabuti, lahat ng mga bagay na kalugud-lugod, lahat ng mga bagay na Walang Hanggan, lahat ito’y walang bayad, at di ka magbabayad ng kahit ano. Dito nga sa kahuli-hulihang bahagi ng kasulatang ito ng Aklat na ito, sabi Nito, “Ang may ibig, ay pumarito at uminom mula sa mga Tubig ng mga bukal ng Buhay, na walang bayad,” nang walang salapi, walang bayad. Bakit ninyo ginugugol ang inyong salapi sa hindi nakabubusog, at hinahayaan lang ang mga tunay na bagay na siya namang

nakabubusog, na wala pa ngang bayad, na di n'yo man lang pinaglalaanan ng pansin?

Manalangin tayo.

<sup>126</sup> Habang kayo'y tahimik at nananalangin, mayroon ba rito, sa gusaling ito, sa umagang ito, na mga hindi pa nakakainom sa Bukal na iyon, na ang mga paghahangad sa mundong ito'y nasa buhay n'yo pa rin, at nagnanais na kayong magbago na ng dako na inyong mapag-iinuman, sa umagang ito, o mapagtutubuan ng inyong salapi? Na gusto n'yong lumapit na't bumili mula sa Diyos, (nang walang salapi, walang bayad), ng pulot at gatas, kagalakan ng alak? Inyo pong itaas ang inyong kamay, sabihin, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham, habang ika'y nananalangin"? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Mayroon pa po ba na nagnanais magsabi, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham, habang ika'y nananalangin"?

<sup>127</sup> Ang ilan sa inyo riyan na mga kabataan, oo, na nilustay ang inyong pamumuhay. Ang—ang—ang mga oras na ginugol ng inyong nanay para maipanalangin kayo, at ang inyong tatay, lahat ng pagpapaalala na sinabi sa inyo, at sa kabila nun ay binalewala n'yo lang 'yun, para makinig sa bulong ng diyablo. Ngayon nga'y ninanasa n'yo ang tugtuging makasanlibutan, mga bagay sa mundo. At ngayo'y nakapagninilay na kayo, gaya nung alibughang anak sa may kulungan ng baboy. Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, kapatid na babae, kapatid na lalaki, at sabihin, "Diyos, alalahanin Mo ako. Iyo pong ibunsod ako na mapagnilayan ko, sa umagang ito, maitulot na makapa riyan sa bahay ng Ama"? Wala ka ngang gugugulin na kahit ano rito. Hinihintay ka na Niya. Anupaman 'yang mga nagawa mo noon, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging maputi na parang niyebe; mapula man gaya ng matingkad na pula, ay magiging maputi na parang balahibo ng tupa." Lahat po ng nasa Makalangit na Presensya, inyo bang maitataas ang inyong kamay?

<sup>128</sup> Lahat po ng may sakit at nangangailangan, sabihin, "Ako—ako'y nahulog sa bangin. Ginawan ako ng—ng kasamaan ni Satanas. Pinilay niya ako't binigyan ako ng karamdaman, o ng kung anu-ano. Inaasam ko, sa umagang ito, na ang kadena ng pananampalataya ng Diyos ay kumilos sa aking puso, na ako'y mahila na pataas mula sa bangin na ito, gaya nung lalaking 'yun sa may pintuang tinawag na Maganda." Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Pagpalain kayo ng Diyos, bawat isa.

<sup>129</sup> Panginoon, dinadala ko sa Iyo, sa oras pong ito, sila na mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, para sa ikapapatawad ng kanilang mga pagkakasala. Ikaw nga ang Diyos, ang nag-iisang Diyos. Dito mismo sa kinauupuan nila ngayon, diyan Ka mismo nangusap sa kanila. Diyan Mo mismo pinagtanto

sa kanila na sila'y nagkamali, noong masumpungan ng Salita ang nararapat Nitong paglalagakan, at ang Espiritu Santo ay nagsimulang mangusap, at magsabi, "Ika'y mali. Bumaling ka, at manumbalik ka sa Diyos Ama." At itinataas nga nila ngayon ang kanilang mga kamay, upang ipakita na nagnanais silang makawala sa makamundong kulungan ng baboy na ito, nang sa gayon makapariyan sa bahay ng Ama, kung saan sagana, kung saan hindi na nila kailangang magdala ng kahit ano pa. Gaya ng mainam na pagkakasabi ng makata, "Wala akong sukat na madadala mula sa aking mga bisig, sa Iyong krus lamang ako nakakapit nananalig." Maitulot nawa na sila'y makalapit, nang may kaluguran, kababaan ng loob, at mahayag ang sala, at maisuko ang kanilang mga buhay. At Iyo ngang ilalabas ang pinaka mainam na balabal; at isang singsing, at ilalagay sa kanilang mga daliri; at pakakainin sila ng Manna mula sa pinaslang na Cordero. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>130</sup> Heto nga sila na mga maysakit at nagdadalamhati. Sila po'y nangangailangan. Itinulak sila ni Satanas sa may bangin, walang pasubali, kulang na kulang ang perang pampaopera. Walang pasubali, marahil, marami sa kanila ang di kayang maoperahan. Marahil di kayang tanggalin ng doktor ang sanhi nun, kahit na napakarami pa niyang pera. Subalit Ikaw nga ang Diyos. At idinadalangin ko sa mismong oras na ito, sa ilalim ng pahid ng Espiritu Santo na nakalagi rito sa mismong oras na ito, na Iyo pong pagagalangin ang bawat isa sa kanila. Nawa sila'y mapagalang, mula sa kanilang ulo hanggang sa kanilang mga paa, bawat kaliit-liitang bahagi.

<sup>131</sup> Kung sila naman po'y walang kagalakan; sa kaligtasan nila, na di na sila nagagalak pa Rito. Gaya ng sinabi noon ni David, nung lumang panahon, "Iyong ibalik sa akin ang kagalakan ng aking kaligtasan." Nawa'y makatanggap sila ng kagalakan at kasiyahan, para sa kanilang kalumbayan at kahinaan, sapagkat Ikaw yaong Bato sa nakapanghihinang lupain. Ikaw ang mapagsisilungan sa panahon ng bagyo. Sa panahon na inihahagis ng diyablo ang bawat sakit at panira sa kanila, Ikaw ay mapagsisilungan sa panahon ng bagyo. Nawa'y mangyari po ito, ngayon, Diyos, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Softly and tenderly Jesus is calling,  
 Calling for you, for me;  
 Though we have sinned, He has mercy and  
 pardon,  
 Pardon for you and for me.  
 Come home . . .

<sup>132</sup> Ngayon kung nagnanais kayo, lumapit po kayo sa may altar at lumuhod, maaari namin kayong samahan sa pananalangin, pahiran kayo, anumang bagay na magagawa namin. Malugod po kayong inaanyayahan.



. . . weary, come home;  
Earnestly, tenderly, Jesus is calling,  
Calling, O sinner, come home!

133 Iniibig n'yo ba Siya? Teddy, maaari mo ba kaming bigyan ng isang tipa, "I love Him, I love Him because He first loved me." Kaya mo bang tipain 'yun?

134 Awitin natin 'yun para sa Kanyang kaluwalhatian, bago tayo dumako sa ibang bahagi pa ng gawain, pansumandali. Ito na po ang pagsamba. Naipahayag na ang Mensahe. Ako nga'y nagagalak na tinanggap n'yo ito. Inyong idalangin na maging kapaki-pakinabang ang dulot Nito sa inyo, dahil ito'y naging kapaki-pakinabang sa akin sa pagkakapangusap ko Rito. Akin ngang idinadalangin na ang siya ring inspirasyon na ibinigay sa akin, para ipangusap Ito sa inyo, nawa'y matanggap n'yo Ito sa siya ring inspirasyon nung Ito'y ipadala sa akin. Nawa'y pagpalain Ito ng Diyos sa inyong puso. Sige po.

I love Him,

Ngayon ipikit n'yo lang ang inyong mga mata, habang umaawit tayo. Itaas n'yo ang inyong mga kamay.

I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

135 Ngayon iyuko lang po natin ang ating mga ulo, ihiging ito. [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *I Love Him*—Pat.] Iniibig n'yo ba Siya? Hindi ba't ganoon na lamang Siyang katotoo sa inyong puso? Hindi ba't may kung anong bagay sa Kanya, na ganoon na lamang katotoo? Iniibig ko Siya dahil inibig Niya akong una, inihagis ang lubid na 'yun ng Buhay mula sa Kalbaryo, iniangkla Ito sa aking puso.

136 Huwag n'yo pong kalimutan, si Kapatid na Kurmmond [Drummond] ay mangangaral sa atin sa gabing ito, gabi ng komunyong. Kung iniibig n'yo ang Diyos, pumunta lang po kayo at makisalo sa komunyong kasama namin. Loobin ng Panginoon, ako'y makakasama n'yo rito. Ang manugang na lalaki po ito ni Kapatid na Tony Zabel; si Kapatid na Thom mula Aprika; ang anak niyang lalaki, napakainam na binata; tunay na mabuti't, matatag na Cristiano, mainam na munting mangangaral.

Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

137 Habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon, at tuluy-tuloy lang sa tugtog ang piyano.

138 Panginoong Jesus, kami po'y naghahanda na ngayon na tumuloy na sa panibagong gawain, Panginoon. Amin Ka pong pinasasalamatang para sa Espiritu Santo na nangusap sa aming

mga puso. At kami nga'y galak na galak, Panginoon, na Iyo pong ginawa 'yun para sa amin. At nawa ang Iyong Salita ay di bumalik sa Iyo nang walang kabuluhan, bagkus magawa Nito ang nilayon para Rito na gampanan. Nawa po'y manatili Ito nang buong-buo sa aming mga puso lahat, nang may kabatiran kami na ang lahat ng tunay na bagay at nagtatagal na bagay ay galing sa Diyos, nang walang salapi, walang bayad. Bakit nga ba kami magpapakahirap sa mga bagay, at para bang ginagawa naming nasa bingit ito ng buhay-at-kamatayan, itong mga bagay na ito na naglalaho naman? Iyo pong itulot na aming pagsumikapan nang husto, Panginoon, ang mga bagay na hindi naglalaho, na walang bayad. Ang halaga ay bukal sa loob na binayaran, at may paanyaya na magsilapit, "Ang may ibig, ay lumapit."

<sup>139</sup> Iyo pong pagpalain ang natitira pang bahagi ng gawaing ito. Iyo pong ipagkaloob, Panginoon. At katagpuin kami sa gabing ito. Iyo pong pagpalain ang gawain ng pagbabautismo. Nawa'y magkaroon ng matinding pagbuhos. Nawa ang mga tao rito, na babautismuhan sa Pangalan ng Iyong minamahal na Anak, na Panginoong Jesus, nawa sila'y mapuspos ng Espiritu Santo. Nawa ang mga taong ito, na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, para makapagsisi, ngayong umaga, sa kanilang mga kasalanan, nawa sila'y magsilapit, magsuot ng kasuotan sa pagbabautismo, at lumusong sa dako ng pagbabautismuhan, at patunayan sa mundo na sila'y napatawad na sa kanilang mga pagkakasala. At sila nga'y babautismuhan na, nang sa gayon sila'y mapatawad na roon sa aklat. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>140</sup> Ikaw po'y mapasa kay Kapatid na Kurmmond [Drummond] sa gabing ito sa kanya pong paghahatid ng mensahe, nang bagong-bago mula sa Luklukan. Iyo pong pahiran siya ng Espiritu Santo. At suma amin din habang nakikibahagi kami sa komunyon. Nawa ang aming mga puso ay malinis at maging dalisay, nawa po'y walang maging kahit anong karumihan sa amin. Nawa ang Dugo ni Jesus Cristo'y linisin kami mula sa lahat ng pagkakasala. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo pong ilayo ang karamdaman sa kalagitnaan namin, at bigyan kami ng kagalakan at kapayapaan. Sa pamamagitan ni Jesus Cristo ay amin itong hinihiling. Amen.

I love . . .

<sup>141</sup> Iniibig n'yo ba Siya? Ngayon itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Kanya.

I love Him

Be- . . .

Ngayon iabot n'yo lang ang inyong kamay sa buong paligid at makipag kamay po sa mga nariyan sa tabi n'yo.

. . .first . . .

(Russell, iniibig ko Siya. Mamatay man ako ngayon, Siya nga'y iniibig ko talaga.)

And purchased . . .

Mainam 'yan, sige't iabot n'yo lang ang inyong kamay sa buong paligid at makipag kamay po.

. . . salvation

On Calvary . . .

Sige po, Kapatid na Neville, may kaunti lamang siyang sasabihin. Sige po.



*NANG WALANG SALAPI O WALANG BAYAD* TAG59-0802

(Without Money Or Without Price)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 2, 1959 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)